KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 41 BILANG 11 BASAHIN AT TALAKAYIN NOBYEMBRE 2021

EDITORYAL

# Kabataan, makibaka para sa tunay na demokrasya!

Ngayon, higit kailanman, kailangang ipamalas ng mga kabataang Pilipino ang kanilang marubdob na pagmamahal sa bayan, hustisya, kalayaan at demokrasya. Sa gitna ito ng palasak at paulit-ulit na paglapastangan ng rehimeng Duterte sa kanilang karapatan at ng buong sambayanan habang walang ipinatutupad na makabuluhang reporma para sa kanilang kagalingan laluna sa gitna ng pandemyang dulot ng COVID-19.

Ang mga suliranin ng kabataang Pilipino ay bahagi lamang ng mas malaking suliraning kinakaharap ng mamamayan. Bahagi sila ng milyun-milyong magsasakang patuloy na pinagkakaitan at inaagawan ng lupang mabubungkal. Nagpapatuloy ang nararanasan nilang gutom at pagkalam ng sikmura dahil salat sila sa kabuhayan. Sila ang magmamana ng daantaong suliranin ng kanilang mga magulang ng kasalatan o kawalan ng lupang mabubungkal na siyang dahilan ng kanilang matinding kahirapan.

Sa mga kalunsuran at sentrong bayan, sa bawat pamilyang manggagawa at maralita, nariyan ang mga kabataang nagdurusa sa pagkalugmok at pagbagsak ng kabuhayan ng kanilang pamilya. Marami sa kanila ang napipilitang huminto sa pag-aaral at maagang magbanat ng buto upang maisalba ang kanilang mga pamilya sa higit na kadustaan.

Naoobliga silang pumasok sa samu't saring trabaho sa murang edad. At tulad ng kanilang mga magulang, mamanahin nila ang buhay-aliping ipinapataw ng mga ganid-sa-tubong kapitalistang mapagsamantala. Kumukulo ang sitwasyon para sa pag-aalsa ng mga kabataan dahil nakikita nilang wala silang maaliwalas na kinabukasan sa ganitong sistema ng lipunang Pilipino.

Sa kabilang banda, ginagawa ng rehimeng Duterte ang lahat ng pamamaraan upang ilayo ang kabataan sa landas ng rebolusyonaryong pagbabago at armadong paglaban. Taong 2017 ay nagpanukala si Duterte na muling buhayin ang *mandatory military training* para sa mga kabataan — ang ROTC na dating naging opsyonal sa ilalim ng National Service Training Program Act of 2001. Isa itong hakbangin para mas mabilis



# KALATAS

Nobyembre 2021
TOMO 41 BILANG 11

NILALAMAN

1 Kabataan, makibaka para sa tunay na demokrasya!

3 Balita: Mga pulis na sangkot sa Bloody Sunday, kinasuhan ng murder

4 Pahayag: Hinggil sa presyo ng produktong petrolyo

5 #NeverAgain: Ang kilusang kabataan laban sa pasista at tiranikong US-Marcos

7 Bantay Karapatan: Maysakit na detinidong pulitikal, pumanaw

8 Lathalain: Palayain si Ka Diego!

9 Tugon ni PdG: Hinggil sa partylist system

11 Bantay Karapatan: Pambobomba at pangraratrat sa Mindoro at Quezon

12 Mga tula: Dear Digong at Red Alert

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

na imilitarisa ang mga unibersidad at pamantasan nang sa gayon ay maging lehitimo ang mga operasyon sa pagmamanman, *red-tagging* at harasment sa mga aktibista at progresibong organisasyon ng mga kabataan. Hanggang sa kasalukuyan, mariin itong tinututulan ng mga kabataang estudyante upang mapanatili ang mga demokratikong karapatan ng lahat ng mga sektor sa loob at labas ng mga pamantasan. Samantala, hindi pa rin mapigilan ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa pag-atake nito sa akademya. Itinutulak ngayon ni Duterte kasabwat ang Commission on Higher Education (CHED) na tanggalin ang lahat ng mga libro at publikasyon na naglalaman at nagtatalakay sa pambansa-demokratikong rebolusyon na tinatakang subersibo ng reaksyunaryong gubyerno sa mga aklatan ng mga unibersidad. Kabilang sa mga tinanggal ang mga dokumento ng kasunduan ng GRP at NDFP at mga librong isinulat ni Prop. Jose Maria Sison.

Ang ginagawa ng rehimen na 'pagpupurga' ng mga pambansa-demokratikong sulatin sa mga silid-aklatan ay malinaw na paglabag sa karapatan ng mamamayan sa impormasyon at pagkatuto na maaaring maihalintulad sa noo'y hibang na hakbangin ni Hitler sa Nazi Germany. Diumano, ayon sa NTF-ELCAC at CHED, kailangang gawin ito 'para ilayo ang mga estudyante at mamamayan sa armadong rebolusyon'. Ngunit wala itong ibang hangarin kundi panatilihing mangmang ang mga nakababatang henerasyon hinggil sa kasaysayan at pagkaitan ang mamamayan ng anumang impormasyon para sa mas kritikal na pag-iisip at matalinong pagsusuri ng lipunang Pilipino. Pinalalala nitong higit ang pasistang katangian ng edukasyon sa bansa nang sa gayon ay idebelop sila bilang mga masunuring tupa sa pasista at bulok na sistema ng lipunan.

Bago ito, sa bungad pa lang ng taon, unilateral na kinansela ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ni Defense Secretary Delfin Lorenzana ang UP-DND Accord ng 1989 sa layuning higit na ipataw ang kamay-na-bakal na paghahari sa institusyon ng Unibersidad ng Pilipinas na tinatakan ng rehimen na 'pugad ng mga komunista at *NPA recruitment*'. Bahagi ito ng pasistang pakana ng *civilian military junta* ng rehimeng Duterte na militarisahin ang mga unibersidad at kolehiyo upang sikilin ang *freedom of expression, academic freedom* at iba pang demokratikong karapatan ng masang estudyante at ng buong akademikong komunidad. Pilit na hinaharangan ng mga alipures ni Duterte sa Kamara at Senado ang pagpapasa ng batas na mag-iinstitusyunalisa sa nilalaman ng UP-DND Accord para sa kanyang krusadang anti-komunista at anti-mamamayan.

Sa kabilang banda, tuluyan namang inabandona ng rehimen ang kanyang tungkulin sa milyun-milyong kabataang patuloy na pinahihirapan ng mahabang panahong kawalan ng *face-to-face classes* na pumatong sa mga dati nang suliranin sa sektor ng edukasyon sa bansa. Pilit na pilit ang iskemang *blended learning* ng Department of Education na higit na nagpabansot sa kakayahan ng mga mag-aaral. Bukod dito, dagdag ang pahirap na dulot sa mga guro at magulang o *guardian* ng mga mag-aaral. Kung tutuusin, bahagi ito ng kriminal na kapabayaan ng rehimen sa pagtugon sa pandemyang COVID-19 sa bansa. Kahit pa ngayong isinasagawa na ang limitadong *face-to-face classes* sa ilang mga paaralan, kapos na kapos pa rin ang mga solusyon ng gubyerno sa matagal nang mga suliranin sa sektor ng edukasyon na kakulangan ng mga klasrum, paaralan, guro, materyales at iba pa. Wala ring hakbangin ang gubyerno sa nagpapatuloy na pagliit ng bilang ng mga kabataang nag-eenrol tuwing pasukan na pinalala pa ng kasalukuyang pandemya.

Ilan lamang ito sa mga kinakaharap ng maraming kabataan ngayon. Sa kabilang banda, dapat maging malinaw at imulat sila sa kanilang mapagpasyang papel para kamtin ang tunay na pagbabagong panlipunan na matagal nang inaasam ng sambayanang Pilipino. Sa kasaysayan ng kilusang kabataan sa bansa, gumampan sila ng mahalagang papel sa pakikipaglaban sa mapang-aping sistema. Mga kabataang rebolusyonaryo rin ang namuno sa paglaban sa kolonyalismo ng mga Kastila at Amerikano. Mula rin sa kanilang hanay ang maraming namuno sa bagong demokratikong kilusang pambansa hanggang muling maitatag ang Partido Komunista ng PIlipinas noong 1968 at Bagong Hukbong Bayan noong 1969. Rumurok ang mga pakikibakang ito sa paglaban sa diktadurang US-Marcos. Tampok sa ilalim ng diktadurang Marcos ang papel ng mga kabataan sa First Quarter Storm, hanggang sa People Power ng 1986. Laksang kabataan din ang tumungo sa mga larangang gerilya upang magsulong ng armadong pakikibaka sa gitna ng Martial Law. Ipinamalas nila ang lakas at dagundong ng kanilang tinig at nagkakaisang pagkilos na umalingawngaw sa buong bansa at nag-ahita sa daan-libong mamamayan para ibunsod ang mga higanteng kilusang protesta sa lansangan at higit na nagpalakas sa digmang bayan sa kanayunan.

Kailanman, hindi nagupo ng pasistang estado ang diwang palaban ng mga kabataan. Marami sa kanila ang lumalahok sa pambansa-demokratikong pakikibaka para sa karapatan at kagalingan ng mamamayan sa gitna ng mga banta ng karahasan at pagpatay ng kasalukuyang rehimen. Lumalabas sila sa kanilang mga tahanan, paaralan at pook-hanapbuhay para maging bahagi ng pakikibaka ng mamamayan.

Sa kasalukuyan, isinusuka ng mga kabataan ang palpak at pabayang rehimeng Duterte na bigong resolbahin ang nabubulok na kalagayan ng edukasyon at iba pang serbisyong panlipunan na pinalala ng pandemya. Kailangang higit na paigtingin ng mga kabataan ang pakikipaggitgitan sa ngipin-sa-ngiping propaganda upang basagin ang bulag, panatiko at pasistang ideolohiyang ipinapalaganap ng rehimeng Duterte. Pasiglahin ang kilusang propaganda para ibandila ang pambansa-demokratikong adhikain ng mamamayan.

Higit na paramihin ang bilang ng mga kabataang mapangahas na nakikibaka upang ibagsak ang kasalukuyang sistemang malakolonyal at malapyudal at palitan ito ng bagong sistemang umiiral ang hustisyang panlipunan at tunay na kalayaan at demokrasya. Higit na palakasin ang Bagong Hukbong Bayan mula sa hanay ng mga kabataan upang isulong ang armadong pakikibaka laban sa pasista at teroristang reaksyunaryong gubyerno. Ialay ang kanilang talino, lakas at sarili para sa pagsusulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba at kamtin ang matagal na nilang hinahangad na hustisyang panlipunan at ganap na kalayaan.

*BALITA*

## Mga pulis na pumaslang sa lider-manggagawa noong Bloody Sunday, kinasuhan ng *murder*

Sinampahan ng kasong *murder* ang 17 pulis na sangkot sa pagpaslang kay Emmanuel "Ka Manny" Asuncion, lider-manggagawa at *provincial coordinator* ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Cavite. Nakahain ang kasong kriminal sa Office of the City Prosecutor sa Dasmariñas City, Cavite at itinakda ang pagdinig nito sa Enero 11 at 25, 2022.

Si Ka Manny ay kabilang sa siyam na biktima ng "Bloody Sunday" noong Marso 7 kung saan inilunsad ng AFP-PNP ang madugo at koordinadong reyd sa mga opisina at tirahan ng mga kilalang personahe ng mga progresibo at makabayang organisasyon sa rehiyon. Bukod sa mga pinaslang, dinakip ng mga berdugo ang anim pang aktibista gamit ang mga minanupakturang *search* at *arrest warrant* mula sa dalawang huwes sa Metro Manila.

Ang paghahabla sa 17 pulis ay iniresulta ng konsistenteng panawagan ng mga kaanak ng mga biktima at grupong tagapagtanggol sa karapatang tao sa Department of Justice (DOJ) at iba pang kaugnay na institusyon. Noong Nobyembre 22, inirekomenda ng DOJ na sampahan ng kasong *murder* sina Police Lt. Elbert Santos; Police Lt. Shay Jed Sapitula; Police Senior Master Sgt. Hector Cardinales; Police Master Sgt. Ariel dela Cruz; Police Staff Sgt. Joemark Sajul; mga Police Corporal na sina Ernie Ambuyoc, Mark John Defiesta, Arjay Garcia, Caidar Dimaculangan, Bryan Sanchez at Ericson Lucido; at sina Police Patrolman Jayson Maala, Juanito Plite, Jonathan Tatel, Prince Benjamin Torres, Jaime Turingan at Lopera Rey PJ Dacara. Nakatakda ring ilabas sa kalaghatian ng Disyembre ang resulta ng imbestigasyon sa Bloody Sunday ng Administrative Order (AO) 35 Special Investigating Team (SIT) na binuo ng DOJ.

Habang ikinalulugod ang desisyon ng DOJ, patuloy na iginigiit ng mga kaanak ng mga biktima at grupong tagapagtanggol sa karapatang pantao na dapat ding usigin at papanagutin ang mga sangkot sa pagpatay sa mag-asawang sina Ariel at Chai Evangelista sa kanilang tahanan sa Nasugbu, Batangas; mga Dumagat na sina Randy at Puroy dela Cruz sa Tanay, Rizal at mga lider-magsasakang sina Melvin Dasigao, Mark Bacasno, at magkapatid na sina Abner at Edward Esto sa Rodriguez, Rizal.

# Tanggalin ang *excise tax* sa produktong petrolyo! Ibasura ang Oil Deregulation Law at iba pang neoliberal na patakaran!

*Patnubay de Guia*
*Tagapagsalita, National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog*

Pabigat sa bayan ang siyam na linggong sunud-sunod na pagsirit ng presyo ng mga produktong petrolyo. Kung pagbabatayan ang pagtataas nito mula Enero, umaabot na sa P20 ang netong itinaas sa presyo ng kada litro ng gasolina pa lamang. Dapat igiit ng taumbayan ang pagtatanggal sa *excise tax* o dagdag na buwis sa langis para kagyat na ibsan ang pasanin ng taumbayan hanggang sa pagbabasura ng Oil Deregulation Law.

Sa huling linggo ng Oktubre, tumaas pa ng $85 kada bariles ang presyo ng krudong langis sa internasyunal na pamilihan. Binunsod ito ng pagtanggi ng Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC), Russia at mga alyado nito na itaas ang produksyon ng krudong langis habang papalaki ang *demand* ng China at Europe sa langis. Sinasamantala ito ng mga kumpanya ng langis sa Pilipinas para magpataw ng mas mataas na presyo ng produktong petrolyo. Sikreto ang kwentada sa pagtatakda ng presyo at ang imbentaryo ng hawak nilang langis.

Ibayong magdurusa ang mamamayan dahil tiyak na tataas ang mga presyo ng pagkain at iba pang pangunahing bilihin sa darating na mga buwan. Kinakailangan ang langis sa pagpapatakbo ng mga makina sa pagawaan at sa pagsasaka hanggang sa mga sasakyan na nagdedeliber ng mga produkto tungo sa mga pamilihan. Bukod dito, mas matindi ang tama nito sa mga drayber ng mga pampublikong sasakyan, pati ang mga mangingisda ay dumadaing din sa pagtaas ng presyo ng langis.

Sa harap nito, nagmamatigas pa ang gubyernong Duterte na ipagpatuloy ang *excise tax* sa langis at kinukunsinte ang mga kumpanya ng langis sa walang-habas na pagtataas sa presyo ng produktong petrolyo. Palusot ng Department of Finance (DOF), malulugi ang Pilipinas ng hanggang P130 bilyon oras na tanggalin ang *excise tax*. Isinasangkalan pa ng mga buhong na burukrata na maaantala ang pagkakaloob ng serbisyong pangkalusugan dahil diumano ginagamit ang buwis sa langis sa pagtugon sa pandemya.

Taliwas sa ipinangangalandakan ng gubyernong Duterte na para sa mamamayan ang mga sinisingil na buwis, dagdag pasakit sa kanila ang mga buwis na ito. Pumatong sa pasanin ng mamamayan ang mga bayarin sa naunang ipinasang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law at 12% na *value added tax* bago ang pandemya. Nitong Mayo, nadagdagan ng P10 buwis ang gasolina sa gitna ng malawakang disempleyo at lumalalang kahirapan sa bansa. Kasinungalingan na ito'y para sa ayuda dahil hanggang sa kasalukuyan, kinakalampag ng sambayanan ang rehimen sa kawalan at kakulangan ng ayuda at serbisyong pangkalusugan. Nalantad pang kinurakot ng administrasyon ang pondo at dinispalko para sa kontra-rebolusyonaryong gera at pambubusog sa mga alaga nitong militar at pulis.

Imbes na tugunan ang daing ng mamamayan na pigilan ang pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo, abala sa pulitika ang kalihim ng Department of Energy (DOE) na si Alfonso Cusi. Pinamumunuan ni Cusi ang isang paksyon ng PDP-Laban na lalahok sa darating na pambansang eleksyon 2022. Lalong kasuklam-suklam na sa gitna ng krisis at palyadong pamamahala, tinitiyak pa ng pangkating Duterte na mailuklok ang tirano at mga kasapakat nito sa poder.

Sa harap ng kainutilan at pagtetengang kawali ng gubyernong Duterte, dapat padagundungin ng mamamayang Pilipino ang kanilang panawagan para tanggalin ang mga dagdag na buwis. Dapat ding patuloy na singilin ang rehimeng Duterte sa pagnakakaw sa buwis ng mamamayan na nagbunsod ng palyadong tugon sa pandemya at nagdarahop na kalagayan.

Dapat bigkisin ang malawak na sambayanan para ibasura ang mga mapaniil na batas gaya ng TRAIN Law at Oil Deregulation Law.



Hinihimok ng NDFP-ST ang mga tapat na lingkod-bayan na makipagkaisa sa mamamayan para ibasura ang mga nabanggit na batas at iba pang neoliberal na patakaran sa lehislatura. Hinihikayat silang gumawa ng resolusyon na nagpapataw sa mga kumpanya ng langis na isapubliko ang proseso ng pagpepresyo at iba pang kaugnay na impormasyon.

Marapat na ipagpatuloy ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang ganap na makalaya sa kontrol ng mga imperyalista na nagmomonopolyo sa mga mahalagang rekurso tulad ng langis. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan na hindi ito magiging sunud-sunuran sa dikta ng mga kapitalistang ganid sa tubo at nagpapasasa sa paghihirap ng mamamayan. Ang mga susing industriya tulad ng langis ay mapapasakamay ng sambayanan upang matiyak na magsisilbi ito sa pangangailangan ng lipunan, at hindi ng iilan.

*SERYE*




# Ang kilusang kabataan laban sa pasista at tiranikong US-Marcos

*Hindi makasusulong ang isang bansa kung hindi nito patuloy na papanariwain ang sarili sa pamamagitan ng mga kabataang militante at may progresibong kaisipan. Ang isang mundong ang kabataan ay kimi at walang pakialam ay magbibigay lamang sa lahat ng rehimeng walang katarungan at nagsasamantala ng tauhan sa pinagsasamantalahang paggawa at pambala para sa di makatarungang mga digma.*

*- mula sa artikulong Sumusulong ang Kabataan ni Jose Maria Sison, Nobyembre 1968*

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pagpasok ng dekadang 1950, higit na paborable ang pandaigdigang kalagayan para sa pagsusulong ng rebolusyon sa mga kolonya at malakolonya. Nakapwesto ang uring proletaryado sa malalaking bayan sa daigdig, ang Unyong Sobyet, Tsina at mga bayan sa Silangang Europa, habang patuloy na lumalakas ang mga kilusan sa pagpapalaya sa iba't ibang bayan at aping mamamayan ng mundo kabilang ang mga nasa kontinenteng Asya, Aprika at Amerikana Latina. Higit na nabangkarote ang kapangyarihan ng mga imperyalistang bansa laluna ang imperyalismong US matapos ang digmaan. Sa inilunsad nitong gerang agresyon laban sa bansang Vietnam, lalo lamang nahiwalay ang US sa mamamayan ng daigdig dahil nalantad ang marahas at di makatarungang pananakop na inilunsad nito sa mamamayang Vietnamese.

Sa Pilipinas, nanatiling mataba ang lupa para sa rebolusyon dahil sa pagiging sagadsaring tuta ng US ng mga rehimen laluna sa pagkaluklok ni Ferdinand Marcos sa estado-poder. Matinding burukratikong korapsyon, laganap na pagsasamantalang pyudal at malapyudal, kawalan ng hanapbuhay at lansakang paglabag sa karapatang tao ang dinaranas ng mamamayan sa ilalim ng kanyang pasista at korap na paghahari. Bago pa ipataw ni Marcos ang Martial Law sa buong bansa, nakapwesto na ang kilusan ng mga kabataan na handang hamunin ang sistemang malakolonyal at malapyudal upang kamtin ang tunay na pagbabagong panlipunan. Sa ganitong layunin, itinatag ang Kabataang Makabayan (KM) noong Nobyembre 30, 1964, sa okasyon ng ika-101 kaarawan ng bayaning si Andres Bonifacio, ang tinaguriang ama ng Katipunan, na sa kanyang kabataan pinangunahan ang isang pambansang kilusan upang tapusin ang paghahari ng mga kolonyalistang Espanyol sa bansa.

Noong 1966, itinatag naman ng libu-libong kabataan ang tinaguriang Kilusang Ika-24 ng Oktubre sa prinsipyo ng nasyunalismo at diwang anti-imperyalista. Sa programa ng KM at Makabayang Deklarasyon ng ika-23 ng Oktubre, 1966, na pinagtibay ng Kongreso ng mga Estudyante para sa Pagsusulong ng Nasyunalismo at itinaguyod ng Kilusang Ika-24 ng Oktubre bilang pang-ideolohiyang pundasyon nito inilinaw ang makabayang tindig at rebolusyonaryong mithiin ng buong kabataang Pilipino na walang-takot na nagpahayag ng kanilang determinasyong makibaka at lumaban para makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya.

Humantong ito sa malakihang demonstrasyon noong Oktubre 24 at Nobyembre 3, 1966 laban sa papet na Marcos at sa mga agresyon ng US sa Asia. Ipinakita nila ang kanilang kahandaang magbuwis ng dugo para sa sambayanan at matatag na paninindigan laban sa lahat ng reaksyunaryo. Tinuligsa ng mga

***...ipinakita ng mga kabataang Pilipino ang kanilang lakas sa pakikipagkaisa sa mga aping-uri ng mga manggagawa at magsasaka upang igiit ang pambansang kasarinlan at gisingin ang rebolusyonaryong diwa ng mamamayan.***

kabataan ang paglahok ng tropang Pilipino sa gerang agresyon ng US sa Vietnam. Tinunggali rin nila ang paglaganap ng McCarthyismo na higit na nagpalala sa paglabag sa mga karapatang sibil at kalayaan sa pamamahayag ng mamamayan. Ang mga inilunsad na pagdinig dito sa bansa na ala-McCarthy ay malinaw na nagtatangkang magpakalat ng anti-komunistang isterya na nagbibigay ng baluktot na katwiran sa reaksyunaryong gubyerno upang atakehin ang mamamayan at kanilang mga lehitimong pakikibaka.

Tulad ng ipinamalas ng mga kabataang kalahok sa Kilusang Mayo Kwatro ng 1919 sa Tsina, ipinakita ng mga kabataang Pilipino ang kanilang lakas sa pakikipagkaisa sa mga aping-uri ng mga manggagawa at magsasaka upang igiit ang pambansang kasarinlan at gisingin ang rebolusyonaryong diwa ng mamamayan. Isinabuhay nila ang mapanlabang sigaw ng mga rebolusyonaryong kabataan ng Tsina na "Makatarungan ang magrebelde!"

Ang mga panawagan na "Yankee Go Home", "Makibaka, huwag matakot" hanggang sa "Ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo"; "Isulong ang Digmang Bayan" at "Rebolusyon Sagot sa Martial Law!" ay malilinaw at makapangyarihang tinig na dinala at itinaguyod ng kabataan sa kanayunan at kalunsuran pati ng milyun-milyong magsasaka, manggagawa, petiburgesya at iba pang demokratikong sektor ng lipunang Pilipino.

Mula sa mga akademya, nagtungo ang libu-libong kabataang estudyante sa mga lansangan upang ipanawagan ang pagsusulong ng isang pambansa-demokratikong kampanya sa edukasyon na nakabatay sa makabayang deklarasyon; pagtatanggol sa kalayaang sibil; at paglalantad sa kalikasan ng karahasan ng estado na kinakatawan noon ng rehimeng US-Marcos.

Sa halos dalawang taong pag-iral ng KM, umani ito ng malawak na suporta ng mamamayan dahil sa matapat na mithiin at marangal na layuning ipagtagumpay ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Malaking papel din ang ginampanan ng KM at mga rebolusyonaryong kabataan para sa muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 1968 at sa pagtatatag ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, 1969. Hindi matatawaran ang lahat ng iniambag ng mga rebolusyonaryong kabataan para kamtin ang mga tagumpay na ito.




Sa Timog Katagalugan, sa hanay ng mga estudyante at guro sa UP Los Baños (UPLB) nagsimulang umusbong ang progresibong kilusan noong kalagitnaan ng dekada 1960. Sa hanay ng mga estudyanteng ito nagmula ang mga unang kasapi ng KM sa pamantasan. Matapos ang Ikalawang Pambansang Kongreso ng KM noong 1967, malaking bahagi ng balangay ng KM sa UPLB ay naging balangay ng Samahang Demokratikong Kabataan (SDK).

Naging bahagi ang TK ng mga pagkilos na tumututol sa pananalakay ng US sa Vietnam at pagpapadala ng gubyernong Marcos ng mga tropang Pilipino doon. Inilantad din nila ang kasunduan ng UP at US Air Force na mag-eksperimento sa Bundok Makiling ng mga kemikal na *napalm* at *defoliants* (Agent Orange) na kalauna'y ginamit ng US sa malawakang pagpatay ng mga puno sa mga kagubatan ng Vietnam para pagkaitan diumano ng pagkukublihan ang mga gerilyang Vietnamese.

Kasunod ng malawakang welga ng mga estudyante sa Kamaynilaan noong magtatapos ang 1968, pinamunuan ng mga aktibista ang unang welga ng mga estudyante, *faculty members* at *non-academic personnel* sa UPLB noong Pebrero 1969. Bunga nito, naalis ang mga paniniil sa *academic freedom*, bagay na lumikha ng paborableng kundisyon para sa pagpapalaganap ng mga progresibong ideya hindi lamang sa loob ng pamantasan kundi hanggang sa labas nito. May naitayo ring progresibong samahan ng kabataan sa Batangas na nakilala sa pangalang Kabataang Gabay ng Bayan noong huling bahagi ng 1969 o maagang bahagi ng 1970. Bago pa sumapit ang Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970 naipwesto na ng hanay ng mga rebolusyonaryong kabataan ang kanilang sarili para sa pukpukang pakikibaka sa pasistang rehimeng US-Marcos bago pa nito ipataw ang Martial Law sa buong bayan noong 1972.

Tinutulan ng mga kabataang estudyante sa UPLB ang pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin kung saan kinalampag ng mga pagkilos ang administrasyon upang igiit ang pagbibigay ng mas mataas na subsidyo para sa pamantasan. Ipinaglaban din nila ang pagpapanumbalik ng konseho ng mga mag-aaral at *student paper* noong 1978. Habang ipinapanawagan ang demokratikong interes ng mga mag-aaral, nakiisa rin sila sa

pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka na nagresulta sa pagdami ng mga kabataang tumungo sa mga pagawaan at sakahan para sa integrasyon at gawaing propaganda. Noong dekada 1980, nagbarikada ang mga kabataang estudyante sa UPLB Gate at ipinanawagan ang "No Payment of Fees" na nag-anak ng mga barikada sa ibang bahagi ng *campus*.

Ang kilusang kabataang ito ang nagluwal at nagpanday ng libu-libong kabataang sumuong sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka upang pabagsakin ang diktadurang US-Marcos. Marami sa kanila ay naging mga martir at bayani ng sambayanan na walang pag-aatubiling nag-alay ng kanilang buhay para sa sambayanan. Kabilang dito sina Rizalina Ilagan, Cristina Catalla, Leticia Ladlad, Ramon Jasul, Gerardo Faustino, Emmanuel Lacaba, Lorena Barros at marami pang iba. Nariyan din ang mga tulad nina Armando 'Ka Simeon' Teng, Gregorio 'Ka Roger' Rosal, Jose 'Ka Pepe' Luneta, Julius Giron, Eugenia Magpantay na patuloy na nagpunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka matapos mapabagsak ang diktadura hanggang sa huling bahagi ng kanilang mga dakilang buhay. Produkto sila ng isang henerasyon ng mga bayaning kailanma'y hindi malilimutan ng mamamayang kanilang matapat na pinagsilbihan. Kilala si Ka Simeon sa pangunguna sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto sa rehiyon noong dekada 1990. Si Ka Roger ang itinuring na 'Tinig ng Rebolusyon' na noo'y tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK hanggang sa itinalagang pambansang tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas. Si Ka Pepe ang nanguna para maitayo ang Kabataan ng Gabay ng Bayan at naging kalihim ng Southern Luzon Commission na namuno sa rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyong TK at Bikol.

Pinatunayan lamang ng mga kabataan na walang kaaway, kahit gaano kalaki, ang kayang humarang sa kanilang pagtahak sa landas ng rebolusyon para kamtin ang tunay na pagbabago. Bahagi ang kilusang kabataan ng pambansang pakikibaka para kamtin ang anumang kalayaang natatamasa ngayon ng mamamayan. Malaking ambag dito ang mga tagumpay na nakamit ng napakaraming kabataang nangahas na salungatin ang reaksyunaryong agos na nagpapahirap sa sambayanan. Tangan nila ang talino, lakas at militansya para isulong ang mga makabayang adhikain. Taglay nila ang tunay na rebolusyonaryong diwang hindi kayang pigilan ng anumang pwersa at kapangyarihan.

Sa huli, tumpak at wasto lamang ang mga tinuran ni Ka Jose Maria Sison na sa kasaysayan, sa bawat pag-unlad ng sibilisasyon at lipunan, hindi makasusulong ang isang bansa kung hindi nito patuloy na papapanariwain ang sarili sa pamamagitan ng mga kabataang militante at may progresibong kaisipan.

*Ikalawa sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law sa ilalim ng diktadurang US-Marcos*

BANTAY KARAPATAN

## Maysakit na detinidong pulitikal na si Antonio Molina, pumanaw

Labis na namimighati ang mamamayan ng Timog Katagalugan laluna ang mga mamamayang nakaugnayan ni Antonio Molina sa kanyang pagpanaw, isang lider-organisador at detinidong pulitikal, 66 taong gulang, noong Nobyembre 18 sa Palawan Provincial Jail sa Puerto Princesa City. Mayroon siyang sakit na kanser sa *prostate* at bituka, altapresyon at namamagang *lymph nodes*.

Malaon nang ipinanawagan ng mga Palaweño at kaanak ni Molina ang kanyang paglaya batay sa makataong dahilan ngunit hindi ito pinakinggan ng rehimen at reaksyunaryong korte. Lumubha ang kanyang kalagayang pangkalusugan sa bilangguan at binalikat ng mga kaibigan at kaanak ang kanyang pagpapagamot kabilang ang ilang sesyon ng *chemotherapy*. Dahil sa wala siyang natanggap ni anumang atensyong medikal, mabilis na bumagsak ang kanyang katawan at kung hindi dahil sa panlabas na interbensyon, hahayaan lamang ng gubyerno sa pamamagitan ng korte at Bureau of Jail Management and Penology na mabulok hanggang sa masawi ang mga maysakit at matatandang detinidong pulitikal. Wala sa bokabolaryo ng mga ito ang *humanitarian* na pagturing sa mga detinidong tulad ni Molina. Ilan sa mga detinidong pulitikal mula sa TK na nasawi habang nakapiit ay sina Eduardo Serrano, Alex Arias, at iba pa.

Kabilang si Molina sa Palawan 7 na dinakip ng AFP-PNP sa isang tsekpoynt sa Puerto Princesa City noong Oktubre 4, 2019. Mula noon, ipiniit na sila sa Puerto Princesa City Jail at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso tulad ng *illegal possession of firearms and explosives*.

Nagpaabot ng pakikiramay ang NDFP-ST sa mga kamag-anak at kaibigan ni Molina at nanawagan ng pagpapanagot sa rehimeng US-Duterte sa mga paglabag nito sa karapatan ng mga detinidong pulitikal. Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Kailangang ipagpatuloy ang panawagan para palayain ang mga detinidong pulitikal. Igiit ang hustisya sa pagkamatay ni Molina at iba pang detinidong pulitikal na pumanaw sa bilangguan bunsod ng pang-aapi sa kanila ng estado."

LATHALAIN

# Palayain si Ka Diego! Palayain ang lahat ng detinidong pulitikal!




Dalawang taon na ang nakalilipas nang iligal na arestuhin at ikulong ng rehimeng Duterte si Jaime 'Ka Diego' Padilla, ang noo'y tagapagsalita ng Melito Glor Command-Bagong Hukbong Bayan-Timog Katagalugan. Inaresto siya sa Cardinal Santos Medical Center sa San Juan City habang nagpapagamot ng kanyang sakit sa puso at inoobserbahan ang kanyang kalagayang pangkalusugan. Iligal ding inaresto ang kanyang tatlong kasama.

Si Ka Diego ay isang *consultant* sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Protektado siya ng mga garantiya sa seguridad ayon sa JASIG o Joint Agreement on Security and Immunity Guarantee; ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL at ng Protocols I at II ng Geneva Convention bilang isang *hors de combat* at Prisoner of War (POW). Walang-awang ipiniit si Ka Diego at pinagkaitan ng atensyong medikal sa kabila ng kanyang malubhang karamdaman sa puso at *hypertension* na humantong na sa ilang *mild stroke*. Sa kabila ng mga panawagan ng kanyang pamilya, abogado at mga kaibigan na palayain siya sa makataong batayan, patuloy siyang ipinipiit sa bisa ng mga patung-patong na gawa-gawang kaso. Kasalukuyan siyang nakakulong sa Municipal Jail ng San Jose, Occidental Mindoro.

Ang kalagayan ni Ka Diego, na ngayo'y 74 na taong gulang na, ay hindi nalalayo sa kalagayan ng iba pang mga detinidong pulitikal sa bansa. Nitong Nobyembre 18 lamang, pumanaw habang nakabilanggo sa Palawan Provincial Jail ang detinidong pulitikal na si Antonio Molina sa sakit na kanser sa *prostate* at bituka. Ipinagkait sa kanya ng reaksyunaryong korte ang nararapat na atensyong medikal. Habang nakaratay sa loob ng piitan, nahawa pa siya ng COVID-19 at napilitan na lamang dalhin sa ospital nang malala na ang kanyang karamdaman.

Higit na lumalakas ang panawagan ng mamamayan sa kagyat na pagpapalaya kay Ka Diego at sa lahat ng detinidong pulitikal sa buong bansa na umaabot na ngayon sa 713, kung saan ang 487 dito ay pawang mga nadakip sa panahon ng rehimeng US-Duterte. Matagal nang nalantad ang *modus operandi* ng reaksyunaryong gubyerno sa pamamagitan ng AFP-PNP at mga korte nito ang pagmamanupaktura ng mga depektibong *arrest warrant* at pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal. Kaakibat din nito ang paglalagay ng milyun-milyong patong-sa-ulo sa mga tinataguriang mga kriminal at terorista na sa huli'y pinagkakakitaan lamang ng mga upisyal ng AFP-PNP at mga kapural nila.

Hangga't hindi nareresolba ang mga ugat ng armadong tunggalian sa bansa, tiyak na dadami pa ang walang-awa at iligal na dadakpin at ipipiit ng reaksyunaryong estado alang-alang sa hibang nilang pangarap na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang termino ni Duterte. Sa huli, patuloy itong bibiguin ng mamamayang umiigting ang pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

BANTAY KARAPATAN

# Kapitan sa Rizal, inambus ng 80th IBPA

Tinambangan ng mersenaryong 80th IBPA si Alan Abonio, kapitan ng Brgy. Calawis, Antipolo City, noong Nobyembre 14, alas-4 ng madaling araw. Napatay din ang dalawang *bodyguard* ni Abonio sa nasabing insidente.

Inambus ang mga biktima ng apat na di-unipormadong elemento ng 80th IBPA na armado ng matataas na kalibre ng riple. Sa tusong pakana ng 80th IBPA, ibinintang nila ang karumal-dumal na krimen sa Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal upang palabasin na kagyat at malaking banta sa seguridad ng mamamayan sa lugar ang presensya ng BHB.

"Tiyak na gagawin itong tungtungan upang paigtingin ang mga kontra-insurhensyang pakana at panunupil sa hanay ng mamamayan at bigyang katwiran ang dumadalas at tumatagal na presensya ng militar sa mga baryo at bahayan ng masa," pahayag ng NAAC-BHB Rizal.

Kilala si Abonio na kasangkapan ng 80th IBPA para sa pekeng pagpapasuko sa mga katutubong Dumagat at Remontado na iprinisinta sa Brgy. Pinugay, Baras, Rizal nitong huling mga buwan. Sa kabila ng pagpapailalim ng kapitan sa mga imbing pakana ng NTF-ELCAC ay pinili pa rin siyang paslangin ng mga pasista upang maghasik ng teror at dungisan ang pangalan ng rebolusyonaryong kilusan.

Nanawagan ang NAAC-BHB Rizal sa mga Rizaleño na huwag magpatangay sa disimpormasyon ng kaaway. "Dapat labanan ang saywar at iba pang porma ng pananakot sa masa na bahagi ng kampanyang panunupil ng rehimeng Duterte," dagdag ng NAAC-BHB Rizal.

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang *partylist system* ng reaksyunaryong gubyerno? Ano ang pagsusuri ng rebolusyonaryong kilusan dito?

Ang RA 7941 o Partylist System Act ay isang batas na pinirmahan ni dating Pangulong Fidel V. Ramos noong Marso 1995. Sang-ayon sa batas na ito, 20% ng bubuo ng mababang kapulungan ng kongreso (House of Representatives) ay ilalaan para sa kinatawan ng iba't ibang sektor, organisasyon at partido na itinuturing na marginalisado at hindi nabibigyan ng sapat na representasyon sa gubyerno. Sa pamamagitan ng pagpapalahok sa kanila sa eleksyon, maaari silang makapagpaupo ng maksimum na tatlong kinatawan sa kongreso. Sa kasalukuyan, binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang *partylist* ang 61 sa 260 kabuuang bilang ng mga kongresista sa mababang kapulungan.

Napilitan ang reaksyunaryong gubyerno na ipatupad ang *partylist system* dahil hindi nila mapagtakpan ang katotohanang walang kinatawan sa gubyerno ang mga naghihirap at inaaping mamamayan na siyang bumubuo ng mayorya ng populasyon sa bansa. Ito ay repormang iniresulta ng tagumpay ng Pag-aalsang EDSA noong 1986 na nagpabagsak sa diktadurang Marcos. Bagama't mayroon nang umiiral na representasyon ng iba't ibang grupo at sektor sa gubyerno bago pa man isabatas ang RA 7941, napakalimitado nito at pinipili lamang ang mga ito batay sa partido pulitikal na nangingibabaw sa isang panahon, o hindi kaya'y itinatalaga ng presidente ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa pagsasabatas ng RA 7941, nagkaroon ng puwang ang mga makabayan at progresibong grupo na tunay na kumakatawan sa mga hinaing at interes ng inaaping mamamayang Pilipino para makalahok sa sangay ng lehislatura. Binigyang-daan nito ang pagpapasa ng mga batas, proyekto at polisiya ng gubyerno na tunay na tumutugon sa pangangailangan at karaingan ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, kabataan, kababaihan, guro at iba pang sektor na kinalimutan ng gubyerno.

Sa mata ng reaksyunaryong batas, binigyan nito ng pagkakataong makalahok ang mga magsasaka, manggagawa at iba pang aping uri at sektor sa lehislatura. Ngunit sa tuluy-tuloy na pagtakbo ng kasaysayan, ang sistema ng *partylist* ay naging instrumento na rin ng mga lokal na naghaharing-uri at mga burukrata para kontrolin at panatilihin ang kanilang dominasyon sa pulitika sa bansa. Sa pagbibigay ng pahintulot na makapagpatakbo ang mga partidong pulitikal ng kanilang mga alagad bilang kinatawan ng kanilang pekeng "*partylist*" madali lamang na nadomina ng mga dinastiya at bulok na pulitiko ang sistemang *partylist*. Sasandakot lamang ang mga *partylist* na tunay na kumakatawan sa interes ng mamamayan ang nakaupo bilang kinatawan sa kongreso. Sila ang mga makabayan at progresibong *partylist* na nagsisilbing boses ng mga maralita at pinagsasamantalahang mamamayan.

Sa loob lamang ng mahigit dalawang dekada, kapansin-pansin ang pagdami ng bilang ng mga *partylist* na naglalaban-laban para sa limitadong pusisyon tuwing darating ang eleksyon. Marami sa mga ito ay maituturing na peke at hindi mga lehitimong kinatawan ng mga sektor at grupong hindi nabibigyan ng sapat na pansin ng gubyerno (*marginalized*).

Lalo pang tumindi at naglitawan na parang mga kabute ang mga huwad at mapagpanggap na *partylist* sa bawat halalang nagaganap sa kada tatlong taon. Sa pagbawi ng Korte Suprema sa nauna



nitong pahayag noong 2001 na ang dapat katawanin ng mga tatakbong *partylist* ay mga tunay na mga grupo, organisasyon at sektor na marginalisado o mga maralitang di sapat na nabibigyan ng representasyon, ipinahintulot nito noong 2013 ang pagsali sa eleksyong *partylist* ng kahit na anong grupo, marginalisado man o hindi.

Nitong Oktubre, nasa 270 *partylist* ang naghain ng kanilang Certificate of Nomination and Acceptance (CONA) para sa eleksyong 2022. Sa bilang na ito, 138 ang nakakuha ng pahintulot ng COMELEC na tumakbo sa darating na halalan.

Marami sa mga bagong *partylist* na nagsumite ng CONA ay mga grupo at indibidwal na tagasuporta at tagalinis ng dumi ng kasalukuyang pasistang rehimeng Duterte tulad ng Abante Sambayanan Partylist ni Jeffrey Celiz, Mothers for Change (MOCHA) nina Mocha Uson at Michelle Gumabao at Malasakit Movement ni Celine Pialago. Si Celiz ang nagpapanggap na nagbalik-loob na kadre umano ng PKP, si Uson ang kontrobersyal na sinibak na kagawad ng Presidential Communications Office ni Duterte dahil sa mga iresponsable at walang-utak na pamamahayag habang sina Gumabao at Pialago ay mga bayarang tagapagsalita ng NTF-ELCAC. Sila ang masusugid na tagapagkalat ng disimpormasyon at pekeng balita ng rehimeng Duterte at NTF-ELCAC. Kasama ang mga *partylist* na ito sa *pending* ang rehistro sa COMELEC dahil sa kawalan ng lehitimong organisasyon sa buong bansa.

Samantala, habang dumarami ang mga *partylist* ng mga naghaharing-uri, tuluy-tuloy at konsistente naman ang pag-atake ng mga lokal na burukrata at militar sa iilang progresibong elemento sa kongreso. Noong panahon ni GMA (2005 hanggang 2010), pinagkaitan niya ng pondo para sa mga proyekto ang mga progresibong *partylist* na tinagurian ngayong MAKABAYAN Bloc dahil kritiko ang mga ito ng kanyang administrasyon. Sa huli'y idedeklarang *unconstitutional* ang PDAF at tuluyan nang tatanggalin. Naging biktima rin ng paninira at pagdusta ang mga kinatawan nito at naobligang magkulong sa loob ng opisina ng Kongreso sa loob ng dalawang buwan noong 2006 na tinaguriang Batasan 5 matapos silang kasuhan ng rebelyon at pagpapakana umano ng isang *coup d'etat* laban sa rehimeng GMA noong 2003 na napatunayan namang pawang kasinungalingan at mga inimbento lamang. Liban pa rito ang mga akusasyon na ang kanilang mga *partylist* ay "*front*" ng PKP-BHB na hindi rin naman napatutunayan – mga akusasyong tanging nakabatay sa pagiging kritikal nila sa nagpalit-palitang administrasyon at sa mga ipinatutupad nitong anti-mamamayang patakaran, programa at polisiya.

Pinakamalala sa mga pag-atakeng ito ang ginagawa ng kasalukuyang rehimen sa pangunguna ng NTF-ELCAC at mismo ni Duterte laban sa mga progresibong *partylist* at lumalawak na hanay ng oposisyon. Bukod sa *red-tagging* at mga pagbabanta sa buhay ng mga mambabatas, binubuyo ni Duterte ang iba pang saray at ahensya ng gubyerno para idiskwalipika ang mga progresibong *partylist* sa halalan at tuluyang alisan ng boses sa kongreso ang mamamayan.

Binababoy at binabaluktot ng mga tradisyunal na pulitiko ang batas hinggil sa sistemang *partylist* upang pagsilbihin sa kanilang pagkaganid sa kapangyarihan. Hindi mapagtatakpan ng anumang palamuti at tabing ng demokrasya ang umaalingasaw na amoy ng nabubulok na sistema ng pulitika sa Pilipinas. Tanging ang rebolusyong Pilipino lamang na suportado ng malawak na mamamayan ang makapagbibigay ng tunay na makabayan at demokratikong gubyerno para sa mas nakararaming Pilipino.

Gayunman, dapat pa ring tiyakin ng mamamayan na mayroon silang tinig sa loob ng reaksyunaryong kongreso na maninindigan para sa kanilang interes at kapakanan. Sa pamamagitan nito, naitutulak ang mga batas na lehitimong maglilingkod sa taumbayan at bansa at tatayong oposisyon sa mga anti-mamamayang lehislasyon.

Bagama't makitid at patuloy pang kumikitid ang espasyong ibinibigay ng estado para makapasok ang mga progresibo sa loob ng kongreso, magagawa ng mamamayang kontrahin at labanan ang pakanang ito sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang suporta at tinig sa mga partidong tunay na magtataguyod sa kanilang interes. Hindi makapananaig ang mga paninira at maniobra ng estado kung mismong ang mamamayan ang maninindigan para ipagtanggol ang mga lider at partidong nagsusulong ng kanilang mithiin.

## Bilang ng mga *partylist* (PL) na lumalahok sa eleksyon

| *Taon* | *Tumakbong PL* | *Nanalong PL* |
|---|---|---|
| 1998 | 123 | 14 |
| 2001 | 162 | 14 |
| 2004 | 66 | 28 |
| 2007 | 93 | 53 |
| 2010 | 178 | 57 |
| 2013 | 112 | 56 |
| 2016 | 115 | 59 |
| 2019 | 134 | 61 |

** hindi pa kasama rito ang malaki-laking bilang ng mga partidong diniskwalipika ng COMELEC kada eleksyon*

*Sanggunian: wikipedia.org*



# Walang habas na pambobomba at pangraratrat, puminsala sa mamamayan ng Mindoro at Quezon

Sa loob lamang ng isang buwan, naitala sa Occidental Mindoro at Quezon ang mga insidente ng walang habas na pambobomba at pangraratrat (*strafing, indiscriminate firing*) ng mga berdugo at teroristang tropa ng AFP-PNP. Mariing kinundena ng mga mamamayan ng dalawang probinsya ang mga insidenteng ito na naghatid sa kanila ng matinding takot at *trauma*, at nagwasak sa kanilang kabuhayan at ari-arian. Tinuligsa rin ang iba pang paglabag ng mersenaryong militar at pulis sa karapatang tao ng mga residente habang nagsasagawa ng walang puknat na *focused military operations* (FMO) at *retooled community support program operations* (RCSPO).

**Mindoro.** Walang pakundangang nagpasabog ang 203rd Brigade ng dalawang bala ng *howitzer* sa mga komunidad sa hulo ng Ilog Lumintaw sa Brgy Manoot, Rizal noong Nobyembre 29. Bahagi ito ng *pursuit operations* ng berdugong militar matapos silang mapinsalaan nang makalaban nila ang isang yunit ng BHB noong Nobyembre 23.

Dahil sa walang habas na panganganyon, napilitang lumikas pansamantala ang nasa 15,000 katao. Ang lugar na kinanyon ay komunidad ng mga katutubong Bangon at Batangan, at sasaklawin ng iniraratsadang pagpapalawak ng Tamaraw Reservation Project sa Mt. Iglit-Baco Natural Park.

Bukod dito, iligal na dinakip ng kriminal na mga sundalo at pulis ang apat na Mangyan-Batangan at Alangan noong Nobyembre 29 na pawang namamasko lamang noon sa kapatagan ng Occidental Mindoro. Sapilitan silang dinala sa kampo sa Sityo Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose at doon binugbog ng mga elemento ng 4th IBPA. Nasugatan sa leeg ang isa sa mga biktima matapos ang marahas na pambubugbog. Hanggang sa kasalukuyan, nakakulong ang mga biktima sa nasabing kampo nang walang isinasampang kaso laban sa kanila.

Pinagbawalan ding umahon sa hulo ang mga magsasaka at katutubong papunta sa kanilang bukid o pauwi ng kanilang pamayanan. Malaki ang epekto nito sa mga magsasaka at katutubo sa lugar lalo't kasagsagan ngayon ng anihan sa Occidental Mindoro.

**Quezon.** Apat na araw na binomba at niratrat ng pinagsanib na pwersa ng 59th at 85th IBPA ang mga kabundukan at kabukiran ng Lopez, Gumaca, Pitogo at Macalelon mula Nobyembre 12.

Sa pagpasok pa lamang ng buwan, aabot na sa 40 baryo sa mga bayang ito ang apektado ng tuluy-tuloy na pambobomba, istraping, operasyong militar at sarbeylans sa himpapawid ng 201st Brigade.

Noong Nobyembre 15, halos kalahating oras na nangratrat ang mga elemento ng 59th IBPA sa Sityo Maliit ng Batolinao, Brgy. San Jose, Macalelon. Dahil dito, namatay ang alagang kabayo ng mag-asawang Rodel Llames at Jenna Oreviana.

Matapos ang pangraratrat, iligal na dinakip ng mga sundalo ang mag-asawa. Nagreklamo ang Sangguniang Barangay sa 59th IBPA subalit buktot na iginiit ng kumander ng mga berdugo na may kasamang armado ang mag-asawang Llames kaya sila pinagbabaril. Nahihibang ang 59th IBPA dahil nagkaroon ng *misencounter* ang mga tropa nito sa Sityo Malaking Batolinao noong araw ding iyon.

Noong Nobyembre 16, walang patumanggang nambomba at nag-istraping ang mga militar sa Sityo Alat-Alatin, Brgy. San Francisco B, Lopez.

Isinagawa ang mga pambobomba at istraping ng mga berdugong militar matapos ang dalawang labanan sa pagitan ng Apolonio Mendoza Command – BHB Quezon at mga tropa ng 201st Brigade noong Nobyembre 12 at 16. Nasawi sa unang labanan ang Pulang mandirigmang si Rhoderick "Ka Guma" Sinas.

BALITANG TO



## Aktibong depensa ng BHB-Mindoro, bigwas sa 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA

Tatlong elemento ang namatay habang sugatan ang hindi bababa sa isang iskwad ng nag-ooperasyong mga tropa ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa matagumpay na aktibong depensa ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC) – BHB Mindoro sa Brgy. Pag-asa, Sablayan, Occidental Mindoro noong tanghali ng Nobyembre 23.

Bigwas ito sa walang patid na FMO at RCSPO ng nasabing mga yunit ng militar sa mga bayan ng Rizal at San Jose sa Occidental Mindoro; at Bongabong, Roxas, Mansalay, Bansud at Gloria sa Oriental Mindoro.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC-NPA Mindoro, "patuloy na bibigwasan ng LDGC ang mga FMO at RCSPO ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA upang bigyang hustisya ang lahat ng mamamayang Mindoreño na naging biktima nila. Bahagi ito ng kabuuang pagsisikap ng sambayanan upang biguin ang kontra-rebolusyonaryong gerang JCP Kapanatagan ng rehimeng Duterte na walang ibang idinulot kundi pagkawasak ng buhay at kabuhayan ng mamamayan."

# Dear Digong
## Walang Forever

*ni Jani*

Anong kapangyarihan ng buktot mong mga kataga?
Tumatagos ba sa kaibuturan ang iyong mga paratang?
Maaari mong ulit-ulitin hanggang magmukhang totoo
Hinabi mong kasinungalingan sa telebisyo't peryodiko

Ano itong kalokohang tinatatakang terorista
Kaming nag-uukilkil sa mga reaksyunaryong ahensya?
Ano itong kagaguhang kaliwa't kanang arestuhan?
Hindi ba't kayo ang dapat iharap sa hukuman?

Puu-puong libong kasong iisa ang iskripto
"Nanlaban", kwarenta y singko, nakatanim, awtomatiko!
Sa gera kontra-droga, ito na'ng sirang plaka ninyo
Hanggang sa palpak na *lockdown*, ito pa rin ang paborito?

Putang ina doon at putang ina dito!
Harurot-kambyo ang nguso ng putang inang pangulo!
Mapanindak, 'nagbibiro' ang palusot ng sanggano
Ilalagay pa sa pedestal ng de susing loro

Brutalidad, impyunidad, tigmak-sa-dugo mong kamay
Korapsyon, pangungutang, istadistikang nilabusaw
Hurisdiksyon sa lehislatura, ehekutibo't hudikatura
Baka pati trono sa impyerno, nais mong agawin pa!

Galit ka raw kuno sa dinastiya't oligarko
Walang kinikilingan kundi mga pantasya mo't luho
Serbisyong totoo sa mga kroni at katoto,
Bayad-utang pala sa mga higanteng negosyante't sindikato

"Ikukulong ko kayo! Papatayin ko kayo!"
Pulos ka pagbabanta, hari ng pasismo!
Iyong mga utos tinutupad ng sundalo't pulis mo
Kaya't internasyunal na komunidad ay iyo nang kritiko

Wala nang naniniwala sa'yong mga buladas at drama
Umaalingasaw ka na't hubad na ang iyong maskara
Huwag nang mag-asam pa't taumbaya'y sukang-suka na
Wala nang susunod na termino sa pangulong isinasakdal na!

Habang kami'y sinisikil, higit pa kaming sisigaw
Katotohana'y nakatatak sa aming mga latay at hiyaw
Sinisingil ka namin sa sala mong walang kapatawaran!
Kinitil mo sa'yong palad, mga inosenteng buhay, winakasan!

Manginig ka, Digong, 'pagkat narito na ang husga!
Sambayana'y nagbabangon, tumutugon nang laksa
Humanda ka nang lumagpak sa bitag mong nilikha
Ibabagsak ng nag-aarmas na inapi't dinusta!



# RED ALERT

*ni Ka Tobias*

Lagi kaming naghahanda sa pagtataas ng alerto
Lalo ngayong masinsin ang FMO at RCSPO
Kakambal nito'y panganib, kasuno ng mga marirok*
Konting sablay lang, baka maunahan ng putok

"Kasama, sa kabilang sapa, naroon ang kaaway!"
Pak ap lahat sa packbag, pakat agad at bantay
Handa ang baril at amopots, 'wag lilikha ng ingay
Talasan ang isip at pandama, kumubli at maghintay

"Babaklas na tayo, humanda sa paglakad"
Mariing atas ng CO bago maya-maya'y sasakad
Nakahanay na ang tropa, ang tres, nariyan na
Sabay bulong sa kabadi, "napinaw ko ang 'yong parka"

Mga bapa at mga bayi, mag-aalala't manunugsog
Taklis ang itak, dala'ng buyugan, mag-aalam kahit sa ilog
Mag-uulat, 'di maglulubay, maghahanda pa ng hapunan
Ihahatid ang kanilang hukbo hanggang sa paroroonan

Habang ang mga berdugo, magpapagod doon at dito
Mananatiling bulag, bingi at lalamunin ng siphayo
Hangga't kanlong kami ng masa, 'di sila makaiisa
Pagdating ng tamang tiyempo, humanda naman sila!

O *red alert*, tunay ngang sa gawain ay abala
Ngunit nagpapaalaalang kami'y mga gerilya
Anumang oras, asahang labana'y laging nakaamba
Pagkat ang sinusuong natin, matagalang digma.

** katawagan ng Mangyan sa mga sundalo*